


Anchor RIDES

PEOPLE MOVER

RIDE SHARE

# Pampublikong Transportasyon 2020 Ulat ng Sistema

**ENERO-DISYEMBRE 2020**


Kagawaran ng Pampublikong Transportasyon ng Munisipalidad ng Anchorage

# 2020 Ulat ng Sistema

## ISANG PAGBABALIK-TANAW SA 2020


Sa simula ng taong 2020, tinatapos ng Kagawaran ng Pampublikong Transportasyon (PTD) ng Anchorage ang isa at kalahating taon ng mahabang pampublikong proseso na nagreresulta sa 2020 plano ng transit, ang Transit on the Move. Ang planong binuo mula sa pag-aayos ng sistema noong 2017, na binaliktad ang pababang kalakaran sa mga sumasakay at naglalaman ng isang listahan ng mga proyekto sa hinaharap na binigyan ng priyoridad kapag nagkaroon na ng karagdagang pagpopondo.

At pagkatapos...



...binago ng kilalang-kilalang larawang iyon ang ating buhay. Ang COVID-19 na kilala rin bilang novel coronavirus, ay nagtatak ng pag-iingat sa mga pagpapatakbo ng transit sa buong mundo habang umuusbong ang mga pag-aalala sa kaligtasan ng sumasakay at nagmamaneho ng bus. Sa buong Estados Unidos, isinara ang mga sentro ng transit, itinakda ang mga limit sa sumasakay, itinigil ang mga ruta at ang ilang ahensya ng transit ay pinatakbo ang mga iskedyul sa mga araw ng Sabado at Linggo sa mga karaniwang araw o sama-samang isinuspinde ang serbisyo.

Sa paglabas ng mga tao sa kanilang mga tirahan, ang pinakamabuting payo upang mapabagal ang pagkalat sa komunidad ng COVID-19 ay ang pag-uugali; paghuhugas ng iyong mga kamay, pagsuot ng mask sa mukha, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa sinumang nasa labas ng iyong sambahayan. Ang huling iyon ay ang suliranin sa buong kapasidad na pampublikong transportasyon. Ang mga pag-aalala sa paggamit ng pampublikong transportasyon ay nauwi sa pagkakaroon ng maraming sumasakay ng mga alternatibong paraan ng pagbiyahe upang ibukod ang kanilang mga sarili mula sa serbisyo at nauwi sa ilang ahensya na makaranas ng kakulangan sa manggagawa dahil sa mga parehong pag-aalalang ito para sa personal na kaligtasan. Ngunit, kahit sa mga pag-aalala, maraming tao ang umaasa sa pampublikong transportasyon upang gawin ang mahahalagang biyahe sa buong araw nila.




### Lokal na Pagtugon

Noong Marso 17, 2020, isinara ng Kagawaran ng Pampublikong Transportasyon ng Munisipalidad ng Anchorage (PTD) ang lobby ng Downtown Transit Center bilang pagtugon sa banta ng COVID-19 at itinatag ang mga pinahusay na protokol sa paglilinis sa mga bus. Sinubaybayan nang mabuti ng PTD ang mga rekomendasyong inilalabas ng CDC, Kagawaran ng Kalusugan ng Anchorage, at ang mga pagpapasya ng ibang mga ahensya ng transit. Noong Marso 18, ginawang libre ng PTD ang pamasahe upang hikayatin ang pagsakay sa likuran

at alisin ang interaksyon sa pagitan ng pasahero at nagmamaneho ng bus sa kahong hulugan ng pamasahe. Ipinatupad din ang mga limit sa pasahero upang madagdagan ang mga oportunidad sa pakikipagdistansya at hiniling sa mga sumasakay na gawin lamang ang mahahalagang biyahe.

Ang mga biyaheng inilalarawan bilang mahalaga ay mga pagbiyahe sa mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan, access sa mga kritikal na trabaho at mga serbisyo ng gobyerno, at mga pagpunta para mamili sa groseri.

Ginawa ng PTD ang mga hakbang ng pag-iingat na ito upang tulungang mahikayat ang pakikipagdistansya at mabawasan ang panganib na mahantad sa mga sumasakay at nagmamaneho ng sasakyan. Ang maagang paggawa ng mga hakbang na ito ay nagpahintulot sa PTD na magpanatili muna ng mga normal na antas ng serbisyo habang nakikipagtulungan sa pangkat na tagaresponde sa COVID-19 ng Munisipalidad upang makiakma habang nagbabago ang mga bagay-bagay.

## Ang Nangyari Pagkatapos

Sa mga naitakdang limit sa sumasakay, ang ilang sumasakay ay nakaranas ng kahirapan kapag naiiwan sila sa hintuan ng bus dahil sa puno na ang paparating na bus. Lalong kapansin-pansin ang kahirapang ito sa mas madadalang na ruta na dumarating kada 30 o 60 minuto at sa mga rutang pinupuntahan ng mas maliliit na bus na may mas mabababang limit sa sumasakay. Ang katayuang libreng pamasahe ay maaaring nagpalala sa isyu kung saan may mga ulat na ang ilang sumasakay ay diumanong bumibiyahe kung hindi kailangan o "nang walang destinasyon," kaya dumadami ang bilang ng mga sumasakay na naiiwan sa mga hintuan ng bus dahil sa naabot nang kapasidad. Hindi nagdidiskrimina o nagpapatakbo ang PTD sa mga nahinuhang paghuhusga sa mga indibidwal na pangangailangan sa biyahe at patuloy na binigyang-diin ang kahalagahan ng pagkuha lamang ng mga kailangang biyahe na may karagdagang pagmemensahe at kagamitan sa pakikipag-ugnayan.

## Pansamantalang Pinahintong Serbisyo

Noong Abril 9, gumawa ng mahirap na pagpapasya ang Munisipalidad ng Anchorage na pansamantalang suspindihin ang serbisyo sa hindi nagbabagong ruta ng bus sa harap ng pandaigdigang pandemya. Ang pagtimbang sa mga pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan laban sa mga pangangailangan sa paggalaw ng komunidad ay hindi kailanman naging isang madaling pagpapasya. Sa pagtitipun-tipon ng lungsod at bansa upang magplano para sa kung ano ang darating, napagpasyahang kailangan ang pansamantalang paghinto ng serbisyo sa hindi nagbabagong ruta ng People Mover. Sa panahon ng pansamantalang paghintong iyon, isang limitadong on-demand na serbisyo ang itinakda para sa mahahalagang biyahe gamit ang mga sasakyan ng AnchorRIDES paratransit. Ito ay nagpahintulot sa PTD na magkaloob ng 200 mahahalagang biyahe kada araw, ngunit nahigitan ng pangangailangan ang kapasidad.

Habang itinigil ang serbisyo, nanatiling nakatuon ang PTD sa pagbabalik ng kalayaan ng komunidad sa transportasyon at pagkakaloob ng kapaligiran sa ligtas na pagbibiyahe para sa lahat.



Ang mga bus ay nilagyan ng mga partisyong plexiglass sa pagitan ng nagmamaneho ng bus at kahong hulugan ng pamasahe upang makatulong sa pagprotekta sa mga sumasakay at nagmamaneho ng bus sa panahon ng proseso ng pagsakay.



Ang mga nagmamaneho ay nagsuot ng personal na pumuprotektang kagamitan (PPE) na kinabilangan ng: mga mask, guwantes, wipes na panlinis, at hand sanitizer.



Nagtakda ng mga bagong protokol sa paglilinis para mag-spray sa loob ng bus kada gabi gamit ang disinfectant at sa mga ibabaw na madalas na nahahawakan ay patuloy na pinupunasan gamit ang bleach solution.

### Serbisyo sa Mahalagang Biyahe

**Noong Marso 2020, kahanay ng pagtatakda ng mga limit sa sumasakay, pagbibiyahe nang libre at paghihikayat ng pagsakay sa likuran, hiniling sa mga sumasakay na gamitin lamang ang pampublikong transportasyon para sa mahahalagang biyahe.**

**Abril 9 - Hunyo 1, isinuspinde ang serbisyo ng bus sa hindi nagbabagong ruta at isang limitadong on-demand na serbisyo ang itinakda para sa mahahalagang biyahe gamit ang mga paratransit na sasakyan ng AnchorRIDES.**



**Mga appointment sa doktor at parmasya**



**Mga Kritikal na Trabaho**



**Mga tindahan ng groseri**

## Pagpapanumbalik ng Serbisyo

Noong Hunyo 1, muling sinimulan ang serbisyo ng People Mover kung saan ibinalik ang mga pamasahe. Ipinagpatuloy ang mga limit sa sumasakay at inayos habang sinusubaybayan ng Munisipalidad ang mga aktibong kaso ng COVID-19. Sa simula ay iminungkahi ang mga mask sa mukha at pagkatapos ay iniatas ito simula Hunyo 29 upang umayon sa Pang-emerhensyang Utos EO-13 ng Punong-bayan na nag-aatas ng mga mask sa mukha sa mga pampublikong lugar sa buong Munisipalidad.

Noong Setyembre 9, ang serbisyong paratransit ng AnchorRIDES ay nagsimulang maghandog ng serbisyo ng paghahatid sa tindahan ng groseri sa mga kasalukuyang karapat-dapat na customer ng AnchorRIDES. Makakapag-order ang mga customer ng AnchorRIDES sa kasaling tindahan ng groseri o para sa alagang hayop na naghahandog ng curbside pick-up (pagkuha sa tindahan) at direktang ipahatid ang mga ipinamili sa kanilang mga tahanan.

Noong Nobyembre, nakipagtulungan ang AnchorRIDES sa Anchorage Animal Care & Control upang tumulong sa paghahatid mula sa food bank para sa alagang hayop sa mga karapat-dapat na sumasakay na hindi kayang magbayad para sa pagkain sa alagang hayop. Sa huling bahagi ng buwang iyon, nakipagtulungan ang AnchorRIDES sa Food Bank of Alaska upang tumulong sa paghahatid ng mga pagkain sa Thanksgiving sa 134 na pamilya.




## Tungo sa Hinaharap

Ang pagtugon ng PTD sa COVID-19 ay patuloy na nagbabago at nag-iibang anyo. Sa panahon ng paglalathala nito, ganito ang anyo ng pampublikong transportasyon para sa Munisipalidad ng Anchorage. Patuloy na susubaybayan ng PTD ang mga isinagawang aksyon bilang pagtugon sa COVID-19 at hahanap ng paraan upang mapanatag ang mga pag-aalala sa pampublikong kaligtasan habang dinadagdagan ang kapasidad sa mga bus.

Mahalaga sa paggalaw sa kalunsuran at kalayaan sa transportasyon ang mahusay na pinapatakbong sistema ng transit. Kinokonekta ng pampublikong transportasyon ang mga tao sa mga trabaho, pabahay, at oportunidad. Pinagagaan ng pampublikong transportasyon ang pagsikip ng trapiko, na nagbibigay-daan sa mas kaunting kalsada at mas higit pang aktibidad na pang-ekonomiya. Umaasa ang People Mover sa panahon kung saan mapapabalik natin ang mga sumasakay sa sistema at mga bus na muling magiging puno.



# Mga Sumasakay




Bago ang pagkakaroon ng COVID-19, dumami ang sumasakay sa People Mover bilang resulta ng pagbabaho sa sistema noong 2017. Sa mahigit isang taon at kalahati, simula Hunyo 2018, dumami ang sumasakay kada buwan kumpara sa nakaraang taon. Sa panahong ito, nakibahagi ang PTD sa pampublikong proseso ng pagpaplano para bumuo sa tagumpay ng sistema, punan ang mga puwang sa serbisyo, at unahin ang mga pagpapahusay sa sistema sa hinaharap. Ang resultang plano, ang Transit on the Move, ay nakumpleto noong Pebrero 2020, at isang bagong ruta ang inirekomenda para sa pagpapatupad. Sa panahon ng pandemyang COVID-19, nakita ng People Mover ang pagkawala ng sumasakay. Ang mga pang-emerhensyang utos, limit sa sumasakay, pakikipagdistansya, at pagtatrabaho sa bahay ay ilan sa maraming salik na lubos na nakaapekto sa pagsakay. Sa pagitan ng Marso 18 at Abril 8, ang pagsakay sa karaniwang araw ay bumaba ng tinatayang 48%. Noong isinuspinde ng People Mover ang regular na serbisyo ng bus sa hindi nagbabagong ruta at ipinatupad ang on-demand na serbisyo para sa mahahalagang biyahe lamang, bumaba ang pagsakay ng 98%. Simula nang maibalik ang serbisyo ng bus noong Hunyo 1 hanggang Disyembre 31, bahagyang bumuti ang pagsakay sa karaniwang araw: sa average, bumaba ito ng tinatayang 56% kumpara sa parehong panahon noong nakaraang taon. Malamang na hindi dumami ang pagsakay hanggang sa maging ligtas nang maalis ang mga limit sa pagsakay.

# Paano gagamitin ang ulat na ito

**Ang ulat na ito** ay nagpapakita ng iba't ibang sukatang ginagamit upang makatulong sa pagsukat ng pagiging epektibo ng pampublikong transportasyon sa Munisipalidad ng Anchorage (MOA). Sa buong ulat, ang bawat sukatan ay kinakatawan ng isang icon at nililinaw rito. Ang mga pahina 7 at 8 ay nagsasabuod ng buong sistema ng bus na People Mover. Ang bawat ruta ay malayang isinasabuod sa mga sumusunod na pahina. Ang AnchorRIDES at RideShare ay isinasabuod sa mga pahina 37 - 39.


## Gastos kada Pasahero

Ang mga pamasahe sa transit ay sumasaklaw sa bahagi lamang ng mga gastos sa pampublikong transportasyon. Ang PTD ay umaasa sa pederal at lokal na pagpopondo upang punuan ang puwang na ito at pondohan ang mga pagpapatakbo. Ang aktuwal na gastos kada pasahero ay ipinapasiya ng kabuuang taunang gastos sa pagpapatakbo na hinati sa kabuuang taunang bilang ng mga sumasakay.



## Taunang Gastos sa Pagpapatakbo kada Ruta

Ang taunang gastos sa pagpapatakbo ay batay sa gastos kada Vehicle Revenue Hour (VRH) ng 2019 at sa gastos kada Vehicle Revenue Mile (VRM).



Tinatayang gastos sa serbisyo = (Gastos kada VRM * Taunang VRM) + (Gastos kada VRH * Taunang VRH)

Ang mga gastos sa pagpapatakbo na ipinapakita sa ulat na ito ay sumasalamin lamang sa serbisyong ipinagkaloob noong 2020. Hindi ito sumasalamin sa mga gastos na nauugnay sa panahon ng dalawang buwan kung saan hindi nagpatakbo ang People Mover, ni sa panahon kung kailan ipinagkaloob ang on-demand na serbisyo sa mahalagang biyahe.

Hindi kabilang dito ang “mga hindi nagbabagong gastos” ng PTD para sa hindi pansasakyan na pagpapanatili at pangkalahatang suportang pampangasiwaan.

## Mga Trabaho at Residente sa loob ng 1/4 na Milya ng bawat Ruta

Ipinapakita sa ulat na ito ang porsiyento ng populasyon ng MOA (ayon sa Census Block Group) at mga trabaho (ayon sa Sona ng Pagsusuri sa Trapiko) na nasa loob ng 1/4 na milya ng mga hintuan ng bus sa hanay ng bawat ruta. Sa ulat na ito, hinango ang mga datos ng residente mula sa pangkat ng datos ng 2019 (5-Taong pagtatantiya) American Community Survey (ACS, Survey ng Komunidad ng Amerika) at mga datos ng trabaho mula sa pangkat ng mga datos ng 2016 (5-Taong pagtatantiya) Census Transportation Planning Products (CTPP, Senso ng mga Produkto ng Pagpaplano ng Transportasyon). Ang mga datos ng CTPP ay nagbibigay sa atin ng mas tumpak na paglalarawan ng mga trabaho na ayon sa aktuwal na lokasyon.



## Pagkaproduktibo ng Ruta

Para sa ulat na ito, ang pagkaproduktibo ay kinakalkula batay sa karaniwang bilang ng mga pasahero ayon sa time-table revenue hour.

Sinusukat nito ang bilang ng mga sumasakay na kaugnay ng gastos at tumutulong sa pagtaya kung gaano kahusay na nakukuha ng sistema (o ruta) ang mga posibleng sasakay. Sa ibang salita, ang pagkaproduktibo ay isang sukatan ng nakakamit patungo sa pagtatamo ng mas maraming sumasakay. Ang mga rutang idinisenyo upang magkaloob ng pagsaklaw o mas kaunting upuan, tulad ng mga ruta ng kapitbahayan at commuter, ay inaasahang magkakaroon ng mas mababang pagkaproduktibo.

## Tagal ng Serbisyo at Dalas

Ang tagal ay kumakatawan sa mga oras ng pagpapatakbo (kailan nagsisimula ang serbisyo sa umaga at kailan ito nagtatapos sa gabi), habang ang dalas ay kung gaano kadalas dumarating ang mga bus sa buong araw.

## Bilang ng mga Sumasakay kada Hintuan


Ang mga mapa ay nagpapakita ng karaniwang bilang ng mga taong pumapasok (sumasakay) sa bus sa bawat hintuan ng bawat ruta.

## Mga Sumasakay sa bawat Ruta

Ito ay nag-uulat ng karaniwang bilang ng mga pasaherong sumasakay sa ruta sa isang araw para sa serbisyo sa karaniwang araw, Sabado, at Linggo. Ang karaniwang bilang ng mga sumasakay ay ang kabuuang sumasakay na hinati sa bilang ng mga araw na nasa serbisyo.

## Mga Sumasakay batay sa Biyahe

Ang mga graph ay nagkukumpara sa karaniwang dami ng sumasakay sa karaniwang araw, Sabado, at Linggo sa buong araw kada biyahe. Ang mga average para sa papasok at palabas na biyahe ay ipinakikita.




## Nasa Oras na Pagbibigay-serbisyo

Ito ay sinusukat batay sa porsiyento ng oras na dumarating ang isang bus sa isang inilathalang punto ng oras ayon sa nakalimbag, hanggang limang minuto pagkatapos. Hindi isinasaalang-alang dito ang mga na-miss na biyahe.

### Bakit namin iniuulat ang karaniwang sumasakay sa bawat araw at hindi ang kabuuang sumasakay?

**Ang bilang ng mga karaniwang araw sa bawat buwan ay nag-iiba sa bawat taon. Gayon din, may ilang taon na mas marami ang araw ng pagpapatakbo kaysa sa iba. Upang mapagkumpara ang "mga mansanas sa mga mansanas," ginagamit namin ang mga pangkaraniwang sumasakay. Kung ang isang buwan ay may isang ekstrang karaniwang araw kaysa sa naunang taon, ito ay magbibigay ng maling impresyon na ang mga sumasakay ay mas marami kaysa buwang iyon, dahil lamang sa nakinabang ito mula sa isang ekstrang araw ng serbisyo. Gusto naming malaman ang tungkol sa kung gaano karaming tao ang gumagamit ng People Mover sa bawat karaniwang araw, Sabado at Linggo.**

# People Mover

**Simbolong Ginamit**


0 0.5 1 Milya

N Oryentasyon ng Mapa

1/4 na milyang access buffer sa bawat hintuan ng bus


**Dalas ng Ruta**

- 15 minuto
- 15 - 30 minuto
- 30 minuto
- 60 minuto
- Pinakaabalang Serbisyo






**1,710,144**
Kabuuang Bilang ng mga Pasahero




**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng lahat ng ruta




**89%**
ng mga bus ay nasa oras





**<1%**
ng lahat ng biyahe ay na-miss

## TAGAL AT DALAS NG RUTA NG BUS




## MGA KARANIWANG SUMASAKAY SA KARANIWANG ARAW




**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras

# 10 NORTHERN LIGHTS

Madalas na Ruta: **Dalas ng 15 minutong pinakaabalang serbisyo**


Haba ng Ruta ≈ **24 na milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Downtown Transit Center at ng Muldoon Transit Hub sa pamamagitan ng Midtown, UMed, at Northern Lights Boulevard.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 10 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 18 oras sa mga karaniwang araw.
- 15-minutong madalas na serbisyo sa mga karaniwang araw sa pagitan ng 6 am at 7:30 pm.

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras




**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras




**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta




**$11.50**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$3,180,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo


**MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW**




**SABADO**





**LINGGO**




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 122 | 44 | 44 |



**8 Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**1,090**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**508**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**390**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**90%**
ng mga bus ay nasa oras

# 11 FAIRVIEW | SENIOR CENTER

Ruta sa Kapitbahayan: **Dalas ng 60 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **6 na milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng City Hall at ng Anchorage Senior Center sa pamamagitan ng Medfra Street, 9th Avenue, Hyder Street, 13th Avenue, at Cordova Street.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 11 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 16.5 na oras sa mga karaniwang araw.





**$13.20**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$310,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


**MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW**




**SABADO**




**LINGGO**




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 17 | 12 | 12 |



**.5 Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**89**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**55**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**41**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**88%**
ng mga bus ay nasa oras

# 20 MOUNTAIN VIEW | UMED

Madalas na Ruta: **Dalas ng 15 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **16 na milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Downtown Transit Center at ng Alaska Native Medical Center sa pamamagitan ng 3rd & 4th Avenues, Mountain View Drive, Northway Mall, East High School, at UMed.

## Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 20 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 17.5 na oras sa mga karaniwang araw.
- 15-minutong madalas na serbisyo sa mga karaniwang araw sa pagitan ng 6 am at 7:30 pm.





**$7.30**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$2,490,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




# Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 122 | 44 | 44 |

**1,366**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**571**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**429**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo

**6** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras

**88%**
ng mga bus ay nasa oras

# 21 MTN. VIEW | NORTHWAY

Ruta sa Kapitbahayan: **Dalas ng 30 minutong pinakaabalang serbisyo**

Haba ng Ruta ≈ **5 milya**


Ang Route 21 ay naglalakbay sa isang pakaliwang loop na nagsisimula sa Penland Parkway sa Northway Mall. Mula sa Penland Parkway, ang ruta ay naglalakbay sa Bragaw Street, Debarr Road, Pine Street, McCarrey Street, Mountain View Drive, Lane Street, at Parsons Avenue bago bumalik sa Penland Parkway sa pamamagitan ng Bragaw Street at Mountain View Drive.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 21 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 17.5 na oras sa mga karaniwang araw.





**$16.50**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$520,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


**MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW**




**SABADO**




**LINGGO**




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 35 | 23 | 23 |



**1** **Bilang ng mga bus** na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**118**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**75**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**61**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**90%**
ng mga bus ay nasa oras


# 25 TUDOR


Pamantayang Ruta: **Dalas 15-30 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **25 milya**

### Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 25 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 17.5 na oras sa mga karaniwang araw.
- 15-minutong madalas na serbisyo sa pagitan ng 12:30 pm at 6:30 pm.

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**






**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras




**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras




**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta




**$9.20**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$2,730,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo


**MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW**




**SABADO**




**LINGGO**




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 92 | 44 | 44 |



**1,175**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**525**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**432**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**8 Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**89%**
ng mga bus ay nasa oras

# 30 DEBARR


Madalas na Ruta: **Dalas ng 15 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **13 milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Downtown Transit Center at ng Muldoon Transit Hub sa pamamagitan ng Cordova Street, 15th Avenue, Alaska Regional Hospital, at Debarr Road.

## Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 30 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 18 oras sa mga karaniwang araw.
- 15-minutong madalas na serbisyo sa mga karaniwang araw sa pagitan ng 6 am at 8 pm.

### MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras




**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


**$9.80**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero

**$2,130,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)


| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 124 | 44 | 44 |



**851**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**432**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**320**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**5** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**90%**
ng mga bus ay nasa oras

# 31 NORTHEAST

Ruta sa Kapitbahayan: **Dalas ng 30 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **15 milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Northway Mall, sa Debarr at Muldoon Transit Hub, at Centennial Village sa pagitan ng Penland Parkway, 4th Avenue, Turpin Street, Oklahoma Street, 6th Avenue, Muldoon Road, Creekside Center Drive, at Peck Avenue.

## Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 31 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 18 oras sa mga karaniwang araw.





**$18.50**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$1,460,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 64 | 45 | 45 |



**289**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**212**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**163**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**3** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**86%**
ng mga bus ay nasa oras

# 35 ARCTIC

Pamantayang Ruta: **Dalas ng 30 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **13 milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Downtown Transit Center at ng Dimond Transit Center sa pamamagitan ng Valley of the Moon Park at Arctic Boulevard.

## Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 35 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 16 na oras sa mga karaniwang araw.




**$8.50**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras



**$1,120,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**




## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW





● Palabas ● Papasok

**SABADO**




**LINGGO**




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)


| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 56 | 44 | 44 |



**479**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**372**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**265**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**3 Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**90%**
ng mga bus ay nasa oras

# 40 SPENARD | AIRPORT

Madalas na Ruta: **Dalas ng 15 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **12 milya**

Ang rutang ito ay naglalakbay sa isang loop sa pagitan ng Downtown Transit Center at ng Ted Stevens Anchorage International Airport sa pamamagitan ng Spenard Road. Nagsisimula at nagtatapos ang ruta sa Downtown Transit Center.


### Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 40 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 18 oras sa mga karaniwang araw.
- 15-minutong madalas na serbisyo sa mga karaniwang araw sa pagitan ng 6 am at 8 pm.

**$11.80**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero


**$1,780,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




# Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)


| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 62 | 22 | 22 |



**591**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**302**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**223**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**4** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**90%**
ng mga bus ay nasa oras

# 41 GOVERNMENT HILL

Ruta sa Kapitbahayan: **Dalas ng 60 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **4.5 na milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay mula sa City Hall patungo sa Anchorage Museum, Bluff Drive, Richardson Vista Road, Ivy Street, Hollywood Drive at bumabalik sa City Hall.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 41 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 16 na oras sa mga karaniwang araw.





**$9.20**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$220,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




# Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 17 | 12 | 12 |



**.5 Bilang ng mga bus** na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**90**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**53**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**44**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**84%**
ng mga bus ay nasa oras

# 55 LAKE OTIS

Pamantayang Ruta: **Dalas ng 30 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **14 na milya**

Ang rutang ito ay naglalakbay sa pagitan ng Dimond Transit Center at Alaska Native Medical Center sa pamamagitan ng Abbott Road, Lake Otis Parkway, Providence Drive, at Tudor Centre Drive.


## Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 55 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 16.5 na oras sa mga karaniwang araw.

## Mga Tala


Pitong karagdagang hintuan ng bus ang inilagay sa rutang ito noong Enero 2020.

**$11.80**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras

**$1,030,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**




### MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 58 | 24 | 24 |



**345**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**161**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**122**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**2** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**93%**
ng mga bus ay nasa oras

# 65 JEWEL LAKE

Pamantayang Ruta: **Dalas ng 60 minutong pinakaabalang serbisyo**
Haba ng Ruta ≈ **15 milya**


Ang rutang ito ay naglalakbay sa isang loop sa pagitan ng Dimond Transit Center at paliparan sa pamamagitan ng Dimond Boulevard, 88th Avenue, Jewel Lake Road, at International Airport Road. Nagsisimula at nagtatapos ang ruta sa Dimond Transit Center.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo

- Ang Route 65 ay nasa serbisyo sa humigit-kumulang na 16 na oras sa mga karaniwang araw.





**$13.30**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero




**$560,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo

**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




# Bilang ng mga Biyahe
(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 16 | 12 | 12 |



**159**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**99**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**77**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**1** **Bilang ng mga bus**
na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**93%**
ng mga bus ay nasa oras

# 91 HUFFMAN


Ruta ng Commuter: **Serbisyo sa Tuwing Pinakaabalang Oras**
Haba ng Ruta ≈ **8 milya**

Ang rutang ito ay isang ruta ng commuter na limitado ang paghinto na naglalakbay papunta at mula sa Huffman/Oceanview mula sa Dimond Transit Center sa pamamagitan ng Old Seward Highway.

### Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 91 ay isang ruta ng commuter na limitado ang paghinto na naglalakbay lamang sa mga karaniwang araw sa mga pinakaabalang oras sa AM at PM.

**$32.10**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero





**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras

**$160,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo





**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras





**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta


**MGA KARANIWANG PAGSAKAY SA KARANIWANG ARAW**




## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 12 | Hindi Naaangkop | Hindi Naaangkop |



**1** **Bilang ng mga bus** na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**23**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw

**Hindi Naaangkop**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**Hindi Naaangkop**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo




**Hindi Naaangkop**
ng mga bus ay nasa oras

**Dahil sa mga limitasyon sa software, hindi nakuha ang pagbibigay-serbisyo sa oras para sa Route 91.*

# 92 EAGLE RIVER

Ruta ng Commuter: **Serbisyo sa Pinakaabalang Oras Lamang**


Haba ng Ruta ≈ **31 milya**





Ang rutang ito ay isang express na ruta ng commuter na humihinto sa City Hall at Eagle River Transit Center sa pamamagitan ng Glenn Highway.

## Mga Oras ng Pagpapatakbo


- Ang Route 92 ay isang express na ruta ng commuter na limitado ang paghinto na tumatakbo lamang sa mga karaniwang araw sa mga pinakaabalang oras sa AM at PM.




**PAGKAPRODUKTIBO:** Karaniwang bilang ng sumasakay kada oras




**KARANIWANG BILIS:** Sa milya kada oras




**SA LOOB NG 1/4 NA MILYA** ng Ruta




**$37.90**
Tinantiyang Gastos kada Pasahero



**$230,000**
Tinantiyang Taunang Gastos sa Pagpapatakbo


## MGA SUMASAKAY BATAY SA BIYAHE: KARANIWANG ARAW




### SABADO




### LINGGO




## Bilang ng mga Biyahe

(kabilang ang mga papasok at palabas na biyahe)

| Karaniwang Araw | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| 11 | Hindi Naaangkop | Hindi Naaangkop |



**2** **Bilang ng mga bus** na kailangang tumakbo sa ruta sa pinakaabalang oras



**28**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Karaniwang Araw


**Hindi Naaangkop**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Sabado

**Hindi Naaangkop**
Mga Karaniwang Sumasakay sa Araw ng Linggo



**89%**
ng mga bus ay nasa oras

# AnchorRIDES




**Ang Pangunahing Lugar ng Serbisyo** ay sumasaklaw sa hanggang 3/4 na milya mula sa lahat ng ruta ng People Mover. Ang Mga Sona ng Premium na Serbisyo Zones ay umaabot sa labas ng hangganang ito sa mga piling lugar.

# 2020 Ulat ng Sistema

Ang **AnchorRIDES** ay serbisyo kung saan may mga kasakay na nagbibigay ng mga biyahe mula sa mga pinagmulan hanggang sa mga destinasyon sa pamamagitan ng mga patiunang pagpapareserba. Kabilang sa mga karapat-dapat na sumasakay ang mga taong may mga kapansanan na pumipigil sa kanilang gumamit ng serbisyo ng bus ng People Mover, nakakatanda (60+ taong gulang), at tumatanggap ng Medicaid na inawtorisagan para sa mga biyaheng may NEMT o HCB Waiver. Ang pangunahing lugar ng serbisyo ay sumasaklaw sa hanggang 3/4 na milya mula sa ruta ng People Mover. Saklaw ng mga premium na lugar ng serbisyo sa malalayong lugar sa Anchorage.

## ISANG PAGBABALIK-TANAW SA 2020

Pagdating sa mga restriksyon ng COVID-19 at mga limit sa sumasakay sa buong 2020, pinanatili ng AnchorRIDES ang 40% pagbaba sa mga isinagawang biyahe, 35% pagbaba sa karaniwang buwanang katangi-tanging sumasakay, at 16% pagbaba sa mga aplikante mula 2019. Habang isinuspinde ang mga serbisyo ng People Mover sa mga buwan ng Abril at Mayo, pumasok ang AnchorRIDES upang magkaloob ng 8,061 mahalagang biyahe sa 1,164 na sumasakay ng People Mover.



**73,774**
Kabuuang Bilang ng Biyahe



**4,245**
Mga Karapat-dapat na Sumasakay




**98%**
ng mga pagsakay ay nasa oras




**$47.22**
Gastos sa Pagpapatakbo Kada Biyahe

**LAYUNIN NG KARANIWANG BIYAHE**




**URI NG KARANIWANG BIYAHE**



# RideShare

Ang **RideShare** ay nagbibigay ng mga subsidyo sa grupo ng carpool at pangangasiwa sa Commute with Enterprise, na kinuha upang mapamahalaan at patakbuhin ang mga serbisyo ng pagka-carpool para sa lugar ng commute ng Anchorage. Ang carpool ay isang grupo ng lima o higit pang sumasakay na nagtatrabaho at bumibiyahe sa mga napagkasunduang oras, araw at lokasyon. Ang mga miyembro ng carpool ay tumatanggap ng iba't ibang benepisyo sa isang mababang buwanang singil kasama ang mga gastos sa gasolina.

## ISANG PAGBABALIK-TANAW SA 2020

Nagsimula ang 2020 sa 82 vanpool at 653 kalahok. Noong Marso 2020, noong magkabisa ang mga pang-estado at lokal na pang-emerhensyang utos, na kilala bilang "magkubli," Ang Commute with Enterprise at RideShare ay nagbigay ng mga opsyon sa mga grupo ng vanpool upang mapanatiling matatag ang maraming vanpool at kalahok hangga't maaari. Maaaring pansamantalang ihinto ng mga grupo ang pagbibiyahe at pag-upa ng sasakyan. Upang itaguyod ang pakikipagdistansya, ang mahahalagang manggagawa ay binigyan ng mga opsyon upang patuloy na bumiyahe. Ang Commute with Enterprise ay naghandog na magbigay ng "mga subsidyo sa bakanteng upuan." Ipinagpaliban ang mga mithiin sa sakay. Naghandog ng isang opsyong hatiin ang isang van sa dalawa. Ang mga vanpool na bumalik sa paupahan ng Commute ay walang nakitang iniaatas na 30-araw na abiso.

Bago lumampas ang kalagitnaan ng Abril, 15 vanpool ang isinuspinde sa pagbibiyahe. Noong Mayo, dalawa ang ibinalik sa pagko-commute; ngunit, tatlong vanpool ang bumalik sa paupahan. Sa pagdaan ng mga buwan, ang mga van na nasa isinuspindeng katayuan ay bumalik sa pagko-commute o bumalik sa paupahan sa Commute.

Ang 2020 ay nagtapos sa 69 vanpool at 491 kalahok, isang pagkawala ng 15.8% ng mga vanpool at pagkawala ng 24.8% ng mga kalahok dahil sa pandemyang COVID-19.


### Malalaking Sumusuportang Taga-empleyo

- Joint Base Elmendorf Richardson
- Alaska Regional Hospital
- Providence Alaska Medical Center
- Alaska Native Tribal Health Consortium
- Estado ng Alaska

**146,043**
Kabuuang Bilang ng Biyahe


**491**
Kabuuang Bilang ng mga Kalahok

**69**
Kabuuang Bilang ng mga Vanpool



# Mapa ng Transit ng Anchorage

Epektibo Hulyo, 01 2019




www.PeopleMover.org

907-343-6543

PEOPLE MOVER

Kagawaran ng Pampublikong Transportasyon ng Munisipalidad ng Anchorage